# 2024 Kagalingan at Kalusugan Mga Resulta ng Survey sa Kabataan

Ang mga survey ng Well-Being and Health Youth (WHY) ay nangongolekta ng mga impormasyong mula sa kabataan ng Wellington-Dufferin-Guelph ukol sa mga iba't-ibang paksa tulad ng pamilya at mga kaibigan, paggamit ng mga substansya, kalusugang pangkaisipan at pisikal na aktibidad.

Layunin ng mga WHY survey na makalikha ng isang nakababahaging pag-uunawa sa kalusugan at debelopment ng mga mag-aaral. Ang mga survey ay kinukumpleto ng mga magulang, tauhan sa paaralan, at mga mag-aaral sa baitang 4-12+. Ang mga resulta ay nakatutulong na kumilala sa mga isyung dapat pagtuunan ng pansin sa komunidad.



## Kalusugang Pangkaisipan

**Bagaman alam ng maraming mag-aaral kung saan makahahanap ng tulong para sa mga problema, maraming hindi humihingi ng kinakailangang tulong para sa kalusugang pangkaisipan:**

Alam ng maraming mag-aaral kung saan makahahanap ng tulong para sa mga alalahaning pang kalusugang pangkaisipan:

**53%** sa 2022 → **81%** sa 2024

Ngunit **1 sa 4 (23%)** ay HINDI humihingi ng tulong:

- *"Akala ko kaya ko"*
- *"Natakot ako"*
- *"Masyado akong busy"*

Patuloy na nagiging isang hamon sa komunidad ang pananakit sa sarili at pag-iisip ng pagpapakamatay:

**+ 4%** mula 2022 tumaas ang bilang ng mga mag-aaral na +4% nag-uulat na naiisip nilang saktan ang kanilang sarili o magpakamatay

## Pag-gamit ng mga Substansya

**Ang pag-inom ng alak, pag-gamit ng sigarilyo, at pag-vape ay bumababa mula 2019, ngunit ang nakababahalang pag-uugali ukol sa paggamit ng mga substansya ay nakikita sa mga mag-aaral sa baitang 7-8:**

Higit **1 sa 5 (21%)** Mag-aaral sa baitang 7-8 ay nagsabing ginagamit nila ang gamot sa ubo para maging high

Halos **1 sa 7 (13%)** ay gumamit ng nireresetang pain pills nang walang reseta

Ayon sa pag-uulat ng mga mag-aaral sa baitang 9-12, mula 2022 bumaba ang paggamit ng:

| Binge Drinking | Vaping | Alcohol | Cannabis |
|---|---|---|---|
| -12% | -6% | -7% | -4% |

## Mga Pagkakaibang Kasarian

**Magkaiba ang mga paghahambing sa buhay panlipunan at pag-uugali sa gaming ng bawat kasarian:**

Ang mga mag-aaral na kumikilalang **ibang kasarian** ay nag-ulat ng pinakamataas na pagkabahala sa imahe ng kanilang katawan, isyu sa pag kain, mababang pagpapahalaga sa sarili at pressure mula sa mga kaibigan

**+10%** ibang kasarian
**+8%** babae
**+7%** lalaki

Simula 2022, lumala ang pressure na kanilang nararamdaman mula sa kanilang mga kaibigan

**Kapag ikukumpara ang mga lalaki sa babae:**

**2x bahagi ng mga lalaki** ang nag-report ng pagsusugal sa nakalipas na taon

**4x bahagi ng mga lalaki** ang nag-report na naglalaro sila ng mga video games bawat araw

Ang mga survey ng WHY ay isang joint project kasama ng Wellington-Dufferin-Guelph Public Health, Upper Grand District School Board at Wellington Catholic District School Board. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bumisita sa **wdgpublichealth.ca/WHYsurvey**.

PublicHealth
WELLINGTON-DUFFERIN-GUELPH
*Stay Well.*